

### Abstract

"Danse Macabre" is an ekphrastic poem on Bruegel's "Triumph of Death" and speaks of the irony in creating art at a time of untold suffering and death.

### Keywords

Muerte Negra (Black Death), pintura (painting), sining (art), Bruegel (Bruegel), ekphrasis

### English title

Dance of Death

# DANSE MACABRE

RONALD ARAÑA ATILANO

Sa pintura ni Bruegel sa Prado, nagpapatuloy ang sayaw  
Ng mga kalansay, ang gumagapang na mga hukbo ng Muerte Negra  
Na noong ika-16 na siglo ay halos lumipol sa populasyon ng Europa.  
Nakapangingilabot ang apokaliptikong saklaw ng kuwadro,  
Ang mga detalyeng sinlinaw ng bangungot, mula sa ginigilitang hari,  
Pari o paisano, hanggang sa buto't balat na asong dinidilaan  
Ang mukha ng naiwang sanggol. At ang sindak sa kulay  
Ng nabubulok na berde at nagnanaknak na kahel...  
Anong husay ng sipat at komposisyon, ng armonya  
Ng samutsaring mga kapahamakang nagtatanghal  
Nitong masigabong opera ng lagim. Gaano katagal nagkulong  
At nagpinta sa silong ang maestro habang hinahakot ng kariton  
Ang mga bangkay at nagkukulang ng mga puntod sa kamposanto?  
Gabi-gabing dumadalaw ang mga Musa habang ipinagbabawal  
Ang mga kaanak sa libing. Tinatanglawan ng gasera ang silid  
Habang lumilipad ang alipato mula sa hilera ng mga sinusunog.  
Nitong pandemya ng ating siglo, maghapon akong nakatitig  
Sa kisame't nagsasalansan ng mga titulo sa silid-aklatan,  
Hindi nalalayo sa lalaking tumutugtog ng mandolin  
sa pintura ni Bruegel habang nalilipol ang mga tomador sa pista,  
O sa nagliliming kalansay na nakatitig sa ibong bumagsak  
Sa kaniyang harapan. Araw-araw akong nakalilikha ng tula,  
Halos matumbasan ang estadistika ng mga pumapanaw.